COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-22 ng Agosto, 2023

ANG MGA BALOTA AY IPINADALA NA PARA SA ESPESYAL NA ELEKSYON SA DISTRITO NG FALLBROOK UNION HIGH SCHOOL

Higit sa 4,000 mga balota ang paparating na sa mga rehistradong botante sa Trustee Area 1 para sa Ika-19 ng Setyembre na espesyal na eleksyon sa Distrito ng Fallbrook Union High School. Dapat matanggap ng mga botante ang kanilang mga balota sa linggo ng Lunes, Ika-21 ng Agosto, na may kasamang “Bumoto Ako” na sticker sa loob ng inyong opisyal na pakete ng balota.

Ang taong naiboto ang siyang pupuno sa bakanteng puwesto ng Trustee Area 1 para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Disyembre 2026. Tanging ang mga nakatira lamang sa loob ng distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon. I-check ang inyong distrito sa sdvote.com.

Ito ay isang botohan sa pamamagitan ng koreo lamang, bagama't maaari kayong bumoto nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes kung nais ninyo. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magsasara sa Lunes, Ika-4 ng Setyembre bilang paggunita sa Araw ng Manggagawa (Labor Day).

Maaari kayong bumoto mula sa tahanan at ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa alinmang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong distrito simula Martes, Ika-22 ng Agosto hanggang sa Araw ng Eleksyon.

Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan ng balota. Dapat ninyong pirmahan ang sobreng pagbabalikan ng balota upang mabilang ang inyong boto.

Ang mga botante na magbabalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaari i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa “Nasaan Ang Aking Balota?”.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-22 ng Agosto, 2023

Dapat kayong magparehistro upang makaboto bago ang Martes, Ika-5 ng Setyembre upang makatanggap ng balota sa koreo. Kung hindi, kakailanganin ninyong pumunta nang personal upang bumoto sa opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa.

Makakakita kayo ng opisyal na ballot drop box malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari niyo itong hanapin online sa sdvote.com.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na eleksyon sa Distrito ng Fallbrook Union High School Trustee Area 1 sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101